
2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagkilala at Paggamit ng Simili at Metapora sa Pangungusap



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mother Tongue – Multilingual Education – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagkilala at Paggamit ng Simili at Metapora sa Pangungusap**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Ricardo S. Requito, Jr. |
| **Editor:** | Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion, Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Beverly T. Mangulabnan, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagalapat:** | Ricardo S. Requito, Jr. |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Eleanor A. Manibog |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng** ______________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

# MTB-MLE

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagkilala at Paggamit ng Simili at Metapora sa Pangungusap

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay dinesenyo at inilimbag para sa iyong kaalaman. Ito ay para matulungan ka sa asignaturang Mother Tongue. Ang modyul na ito ay hayagang binigyang pansin ang kaisipan o ideya na tumutukoy sa uri ng tayutay.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. makakikilala ng Pagtutulad **(Simile)** at Metapora **(Metaphor)** sa pangungusap;
2. makagagamit ng Pagtutulad (Simile) at Metapora (Metaphor) sa pangungusap.

**(MT2OL-IId-e-6.3)**

## *Subukin*

**Panuto:** Tukuyin ang mga salitang simili o metapora sa pangungusap. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Cardo ay tila isang leon sa sobrang bangis.
   A. si Cardo
   B. isang leon
   C. sobrang bangis
   D. si Cardo at isang leon na mabangis

2. Hindi maitanggi na kasing tibay ng bakal ang paniniwala sa Panginoon ni Beverly at Aileen.
   A. hindi maitanggi
   B. Beverly at Aileen
   C. paniniwala sa Panginoon
   D. kasing tibay ng bakal at paniniwala sa Panginoon

3. Sila ay nagmistulang tarsier sa laki ng mata nang malaman na nanalo sa patimpalak.
   A. Sila ay tarsier.
   B. malaman na nanalo
   C. Sila ay nanalo sa patimpalak.
   D. nagmistulang tarsier sa laki ng mata

4. Humiling si Cindy sa engkantada na maging katulad ng isang paruparo na pagkaganda-ganda.
   A. Humiling si Cindy.
   B. Engkantada si Cindy.
   C. Si Cindy ay katulad ng paruparo.
   D. isang paruparong napakaganda

5. Gaya ng bundok, naging matatag sa buhay si Jay.
   A. naging matatag
   B. gaya ng bundok
   C. matatag sa buhay
   D. bundok at pagiging matatag sa buhay

## Aralin 1

# Pagkilala at Paggamit ng Simili at Metapora sa Pangungusap

Sa ating pananalita, tayo ay gumagamit ng mga salitang naghahalintulad o naghahambing. Ang mga salitang ito ay halimbawa ng mga tayutay upang maging mabisa at kaakit-akit ang pagpapahayag.



## *Balikan*

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang **SO** kung **Subject Object**, **PM** kung **Pamatlig** at **PR** kung **Paari** ang panghalip na ginamit sa pangungusap.

__________1. **Diyan** mo kuhanin ang iyong aklat.

__________2. Magbibigay ang gobyerno ng tulong sa **atin**g mga kababayang nahihirapan sa pandemya..

__________3. Gumising **ako** ng maaga upang maglinis ng aking silid.

__________4. **Kami** ay manonood ng balita ngayong araw.

__________5. **Doon** sa butas sumuot ang aso.

## *Tuklasin*

Ang layunin ay mabigyang diin ang isang kaisipan o ang isang ideya at ito ay ang dalawang uri ng tayutay na **simili** at **metapora**. Parehong naghahalintulad, naghahambing o kaya ay nagwawangis ang simili at metapora.

Ang **simili** ay tinatawag na hindi tiyak na paghahambing ng magkaibang mga bagay. Pangatnig ang ilan sa mga salitang ginagamit nito. Halimbawa ng mga pangatnig na ginagamit ay ang sumusunod: tila, kawangis ng, mistulang, magkasing, magkatulad, tulad ng at katulad.

Ang **metapora** ay isa ring tayutay ngunit ito ay hindi gumagamit ng pangatnig upang maghambing at magwangis.



Ang sumusunod ay mga ilan lamang sa halimbawa ng simili at metapora:

Halimbawa ng **Simili**:

1. Ang mga pasahero ay nagmistulang sardinas sa loob ng dyip.
2. Ang langit ay kawangis ng liwanag ng kaniyang mga mata nang makita niya ang kaniyang ina?
3. Halos magkasing-puti na ang bulak sa hangarin niyang makatulong sa kapuwa.

Halimbawa ng **Metapora**:

1. Hulog ka ng langit.
2. Ang kaniyang ina ay ang ilaw ng tahanan.
3. Hindi niya maamin na ang kaniyang puso ay bato.

## *Suriin*

**Panuto:** Isulat ang **S** kung ito ay tumutukoy sa simili at **M** kung metapora. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

________ 1. Ang kasipagan ay ina ng kayamanan at kaginhawaan.

________ 2. Kasing itim ng budhi ang ugali niya.

________ 3. Sina Juben at May-ann ay parang aso at pusa kung mag-away.

________ 4. Ang anak ni Rosemarie ang anghel sa kaniyang buhay.

________5. Ang pag-aalburuto ni tatay sa galit ay tulad ng bulkan na nagbubuga ng lava.

## Pagyamanin

### Gawain 1

**Panuto:** Punan ang patlang gamit ang mga salitang simili na nasa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Paris | magkasing | Simputla |
| Tila | kawangis | |

1. _______________ ng agos ng ilog ang kaniyang mga luha.
2. ______________ ng pakwan ang kaniyang mukha.
3. Ang dalawang paa ay __________________ laki.
4. _______________ kulog ang dagundong ng kaniyang mga yabag.
5. Ang kaniyang paglangoy ay _________________ ng isang aso.

## Gawain 2

**Panuto:** Piliin sa loob ng kahon ang ibig sabihin ng salitang may salungguhit sa pangungusap. Isulat letra ng sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| a. maitim | d. mahirap |
| b. sumusunod sa utos | e. malaki |
| c. maganda | |

1. Si Billy ay <u>maamong tupa</u>. Lagi niyang ginagawa ang bilin ng kanyang magulang.
2. Ang kulay ng langit ay <u>uling</u> sapagkat gabi na.
3. Ang bahay ng aking kaklase ay <u>palasyo</u>. Ito ay maluwang at mataas.
4. Si Sharon ay <u>bituin sa langit</u>, kaysarap titigan ang kaniyang mukha.
5. Ang isang pamilya ay <u>dukha</u> kung wala silang makain at perang pambili.

## Gawain 3

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang salitang simili na ginamit sa mga pangungusap.

1. Tila pinagbiyak na bunga ang magkapatid sa kanilang magandang itsura.
2. Sintatag ng pader ang kaniyang dibdib.
3. Sinlakas ng kalabaw ang kaniyang ama.
4. Ang kaniyang mukha ay mistulang talutot ng bulaklak.
5. Si Rosa at Rina ay magkasing talino.

## Gawain 4

**Panuto:** Piliin ang nararapat na salitang metapora upang mabuo ang pangungusap. Basahin ang kahulugan upang matukoy ang sagot. Isulat ito sa sagutang papel.

| Salitang Metapora | Kahulugan |
|---|---|
| pagong | - mabagal, nahuhuli |
| nakakasilaw | - maputi |
| bahaghari | - maraming kulay |
| diksyonaryo | - matalino |
| nag-aapoy | - mainit o nilalagnat |

1. Si Marlon ang __________ ng klase dahil marami siyang nalalaman at natututuhan.
2. Ang damit ni Lisa ay kulay __________. May kulay itong pula, dilaw, asul at marami pang iba.
3. Ang nahuhuli sa paglalakad ay __________, laging naiiwan.
4. Ang katawan ng bata ay __________, kailangan niya ng gamot.

Ang ngipin ng batang nagsisipilyo ay __________.




## *Isaisip*

- Ang Tayutay ay pahayag na ginagamit upang magbigay diin sa isang kaisipan, damdamin, o ideya.
- Mayroong iba't ibang uri ng tayutay na ginagamit sa mga teksto.
- Ang halimbawa nito ay Simili at Metapora.

## Isagawa

**Panuto:** Gamit ang larawan na nasa ibaba, sumulat ng isang pangungusap na tumutukoy sa Simili o Metapora. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



## Tayahin

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel kung ang mga sumusunod na pangungusap ay tumutukoy sa Simili o Metapora.

1. Ang aking tagapag-alaga ay hulog ng langit.
2. Ang kaniyang pangarap ay isang punong napakataas.
3. Ang kaniyang mundo ay kasing kulay ng mga krayola.
4. Si Ama ang haligi ng tahanan.
5. Ang silid aklatan ay kasing tahimik ng simbahan.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sumulat ng tig-isang pangungusap na Simili at Metapora.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D. Si Cardo at isang leon na mabangis
2. D. Kasing tibay ng Bakal at Paniniwala sa Panginoon
3. D. Nagmistulang tarsier sa laki ng mata
4. C. Si Cindy ay katulad ng paruparo
5. D. Mount Bulaylay atpagiging matatag sa buhay

**Balikan**

1. PM
2. PR
3. SO
4. SO
5. PM

**Suriin**

1. M
2. S
3. S
4. M
5. S

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. Paris
2. Simputla
3. magkasing
4. Tila
5. kawangis

**Gawain 2**

1. b
2. a
3. e
4. c
5. d

**Gawain 3**

1. Tila pinagbiyak na bunga
2. Sintatag ng pader
3. Sinlakas ng kalabaw
4. mistulang talutot ng bulaklak
5. magkasing talino

**Gawain 4**

1. ddiksiyonaryo
2. bahaghari
3. pagong
4. nag-aapoy
5. maputi

**Pinatnubayang Gawain 2**

1. Anak ni Mang Juan
2. uling
3. sanggol
4. Sharon
5. Dukha

**Tayahin**

1. Metapora
2. Simile
3. Simile
4. Metapora
5. Simile

# *Sanggunian*

De Luna, John. 2015. "Mga Uri Ng Tayutay". Presentation. Date Acessed July 03, 2020. https://www.slideshare.net/johndeluna26/tayutay-46977850

Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Illustrations, DepEd Central Office Illustration Bank

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Kagamitan ng Mag-aaral Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

Urbien-Salvatus, Grace, Arit-Soner, Babylen, Casao-Santos, Nida and Pesigan-Tiñana, Rianne. 2013. Patnubay ng Guro ng Mother Tongue-Based Multilingual Education 2. Pasig City. DepEd

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph